

Bumubuo ang Lungsod ng Seattle ng isang bagong tool para suportahan ang mga institusyong panrelihiyon na nagnanais na muling mapaunlad ang kanilang lupa para gawing pangmatagalang abot-kayang pabahay.

Lilikha ng kakayahang umangkop ang iminumungkahing batas ng Lungsod sa paggamit ng lupa at patataasin nito ang antas ng pagiging makatuwiran ng mga proyektong ito pagdating sa pinansiyal na aspeto. Sa ilalim ng panukala, mas epektibong makakapagkumpitensiya ang mga organisasyong panrelihiyon para sa mga pampublikong pondo at makakapagpatayo ang mga ito ng pabahay na mas abot-kaya kaysa sa kung ano ang posible sa ilalim ng mga umiiral na panuntunan sa zoning.

Mga bagong opsiyon para sa iyong ari-arian

Isinasaalang-alang ng maraming organisasyong panrelihiyon ang hinaharap ng kanilang lupa.

Magbibigay-daan ang bagong tool na ito sa mas malaking pagpapaunlad kapag gagawa ng abot-kayang pabahay ang mga institusyon sa pananampalataya sa kanilang lupa. Kabilang din sa panukalang ito ang kakayahang umangkop para sa mga hindi titirhang espasyo, gaya ng opisina, espasyo sa pagsamba, maliit na tingiang tindahan, o espasyo sa sining at kultura.


Anong pagpapaunlad ang kwalipikado?

Available ang tool na ito para sa anumang ari-ariang pagmamay-ari o kontrolado ng isang organisasyong panrelihiyon.


Dapat na abot-kaya sa loob ng hindi bababa sa 50 taon ang mga ginawang pabahay para sa mga pamilyang may kitang mas mababa sa 80 porsyento ng panggitnang sahod ng lugar (area median income), o mababa sa \$80,000 para sa pamilyang may tatlong miyembro. Maaaring pinapaupa o ibinebenta ang mga abot-kayang tahanan.

Paano ito gumagana?


Ang mga organisasyong panrelihiyon ay kadalasang may bahagi ng kanilang lupang maaaring nais nilang muling paunlarin, tulad ng paradahang wala sa loob ng gusali at nasa parehong lebel ng lupa (surface parking lot) na hindi gaanong nagagamit.



Sa kasalukuyan, limitado ang pagpapaunlad sa lupang pagmamay-ari ng isang institusyong panrelihiyon sa taas at sukat na pinapayagan sa ilalim ng umiiral na zoning. Sa halimbawang ito, isa itong gusaling may apat na palapag.



Gamit ang bagong tool na ito, makakagawa ang isang organisasyong panrelihiyon ng mga pabahay na mas abot-kaya kaysa sa kung ano ang pinapayagan, na pinapataas ang antas ng pagiging makatuwiran ng proyekto at sinusulit ang mga oportunidad na mabigyan ng bahay ang ating mga kapitbahay na may mababang sahod.



City of Seattle

Sa loob ng halos 40 taon, namuhunan ang Lungsod gamit ang mga nalikom mula sa Seattle Housing Levy (Pagpapataw ng Seattle ng Buwis sa Pabahay) at iba pang pinagmulan para bumuo ng malalakas at matatatag na komunidad at isulong ang katarungan para sa mga lahi sa pamamagitan ng pagtatayo at pagpapanatili ng mga abot-kayang tahanan sa buong Seattle. Tumutulong ang mga pamumuhunan sa Office of Housing (Tanggapan sa Pabahay) sa mga sponsor ng proyekto na patuloy na magdagdag sa 15,000 naglilingkod nang abot-kayang pinapaupahan o pagmamay-aring tahananang pinondohan ng Lungsod.

Matuto pa sa seattle.gov/housing